WCB FACTS 2024

# MGA BENEPISYO PARA SA NAWALANG SAHOD NG MGA BAGUHAN

Kung ikaw ay isang baguhang manggagawa at ikaw ay napinsala habang nakikibahagi sa pagsasanay sa trabaho o teknikal na pagsasanay sa paaralan, ang mga benepisyo para sa nawalang sahod na iyong tatanggapin bilang resulta ng iyong pinsala ay maaaring ayusin.

**Ano ang nararapat para sa akin na halaga ng benepisyo para sa nawalang sahod?**

Sa umpisa, kakalkulahin ng Workers Compensation Board of Manitoba (WCB, Lupon ng Kabayaran ng mga Manggagawa ng Manitoba) ang mga benepisyo para sa nawalang sahod batay sa mga pamantayang gawi. Mangyaring sumangguni sa Pagkalkula Ng Mga Benepisyo Para Sa Nawalang Sahod fact sheet sa aming website para sa karagdagang impormasyon.

**Bakit aayusin ang aking mga benepisyo para sa nawalang sahod kung ako ay isang baguhang manggagawa?**

Kung natagpuan ng WCB na ang mga kinitang sahod sa panahon ng pinsala ay hindi makatarungang kumakatawan sa pagkawala ng iyong mga kita, pana-panahon naming itataas ang iyong mga benepisyo batay sa kung ano sana ang iyong magiging kita kung nagpatuloy ka sa iyong pagsasanay bilang baguhan. Ginagawa naming ito dahil ang kita ng isang baguhan ay karaniwang tumataas ng espesipikong halaga habang sila ay nagtatrabaho patungo sa kanilang kuwalipikasyon bilang may kakayahang manggagawa.

Kung ikaw ay tumatanggap pa rin ng mga benepisyo ng nawalang sahod makalipas ang isang taon pagkatapos maganap ang iyong pinsala, pag-aaralan ang iyong mga benepisyo ng nawalang sahod at aayusin upang ipakita kung ano ang maaari mo sanang kitain kung hindi ka napinsala.

**Paano inaayos ang aking mga benepisyo?**

1. Sa una, ang iyong mga average na kita ay kinukuwenta gamit ang naitatag na sahod at oras na natrabaho para sa antas ng pagiging baguhan sa panahon na napinsala.

2. Sa unang araw ng buwan kasunod ang unang anibersaryo ng iyong pinsala, ang iyong average na mga kinita ay tataas ayon sa sahod na nararapat mong kitain kung hindi ka napinsala.

3. Ang iyong mga average na kinita ay patuloy na ia-adjust taon-taon alinsunod sa inuutos o naka-schedule na pagtataas na matatanggap mo bilang isang apprentice kung hindi ka pa napinsala.

4. Sa sandaling ang iyong average na mga kinita ay umaabot sa ipinapatupad na sahod/suweldo ng isang nagsisimulang may kasanayang manggagawa o katumbas nito, ang mga pag-aayos nito sa hinaharap ay gagawin taon-taon nang alinsunod sa mga naitalang kundisyon sa *The Workers Compensation Act*.

Kung ang iyong kasalukuyang mga kinikita ay higit sa mga pagtataas na nailarawan sa itaas, walang mga pagbabago na gagawin hangga't ang rate ng sahod/suweldo ay higit kaysa sa iyong kasalukuyang mga kinikita.

Umaasa ang WCB sa rate ng sahod/suweldo sa mga regulasyong isinagawa sa ilalim ng *The Apprenticeship and Certification Act* kapag kinakalkula ang anumang mga pagtataas.

**May Mga Katanungan?**

Kung hindi ka nakakatiyak kung ikaw ay ituturing na isang baguhang manggagawa, o kung nais mong malaman kung ang iyong katayuan bilang isang baguhan ay nakakaapekto sa iyong mga benepisyo para sa nawalang sahod, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapasya o tagapangasiwa ng kaso upang talakayin ang iyong kaso.

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.